

Pamamaraan ng Reklamo sa ilalim ng Titolo VI

Ipinagbabawal sa Titolo VI ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat at pinagmulang bansa. Ang pinagmulang bansa ay tumutukoy sa partikular na bansa kung saan ipinganak ang tao, o kung saan ipinanganak ang mga magulang at ninuno ng nasabing tao. Patakaran ng Foothill Transit na ang lahat ng tao, anuman ang lahi, kulay ng balat, pinagmulang bansa o kakayahan sa wika, ay may patas na paraang makagamit ng mga serbisiyo nito.

Sinumang naniniwala na siya ay napakitunguhan nang may diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, o pinagmulang bansa ng Foothill Transit ay maaaring magsampa ng Titolo VI na reklamo sa pamamagitan ng pagkukumpleto at pagsusumite ng Title VI Complaint Form. Ang nagrereklamo ay maaari rin tumawag sa 1-800-743-3464 upang magsampa ng reklamo. Ang form na ito ay matatagpuan sa Website ng Foothill Transit sa <http://www.foothilltransit.org/titlevi/> o <http://www.foothilltransit.org/library/> o sa alinman sa mga Tindahan ng Foothill Transit o sa Administrative Office ng Foothill Transit sa West Covina. Upang humiling ng higit pang impormasyon sa Programang Title VI ng Foothill Transit, pakisuyong tumawag sa 1-800-743-3463.

Ang form ay maaaring ipadala sa koreo o isumtie sa Administrative office ng Foothill o sa mga Tindahan ng Transit na matatagpuan sa:

- West Covina Transit Store at Administrative Offices: 100 S. Vincent Avenue 2nd Floor, West Covina, CA 91790
- Claremont: 200 W. 1st Street Claremont, CA 91711
- City of Industry sa Puente Hills Mall: 1600 Azusa Avenue Industry, CA 91748
- El Monte Station: 3501 Santa Anita Avenue El Monte, CA 91731
- Pomona: 100 W. Commercial Street Pomona, CA 91768

Ang nagrereklamo ay maaari rin magsumite ng reklamo nang direkta sa Federal Transit Administration.

- FTA Office of Civil Rights, 1200 New Jersey Avenue SE, Washington, DC 20590

Hinihikayat ng Foothill Transit ang nagrereklamo na isampa ang reklamo sa lalong madaling panahon makalipas ng ipinaratang na pangyayari upang matiyak ang isang kumpletong imbestigasyon; higit pa rito, hinihikayat ang nagrereklamo na ipagkaloob ang lahat ng hinihiling na impormasyon na tiyakin ang isang kumpletong imbestigasyon. Minsan, ang kuha mula sa video sakay ng mga bus ng Foothill Transit ay ginagamit sa proseso ng imbestigasyon; gayunman, ang kuha na ito ay itinatabi lamang sa pagitan ng 7 hanggang 14 araw makalipas ang natakhang oras batay sa mga pangyayari.

Ayon sa patakaran ng Foothill Transit, iniimbestigahan ang isang komento, tinutugunan at isinasara sa loob ng limang araw makalipas na matanggap ang komento, hanggang sa saklaw na mapapahintulutan. Sa panahong iyon, ang Foothill Transit ay maaaring makipag-ugnayan sa nagrereklamo kung kailangan ng dagdag na impormasyon upang malutas ang kaso; kung ang nagrereklamo ay hindi sumagot sa hinihiling na impormasyon, gagawin ng Foothill Transit ang lubos ng makakaya nito upang makumpleto ang imbestigasyon gamit ang ipinagkaloob na



Foothill Transit

Form ng Reklamo sa ilalim ng Titolo VI

Ang Foothill Transit ay may pananagutan upang tiyakin na walang hindi isasali o tatanggihan ng mga benepisyo para sa mga serbisiyo nito batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa, tulad nang nakalahad sa Titolo VI ng Batas ng Karapatang Sibil ng taong 1964, ayon sa pagsususog. Ang mga reklamo sa ilalim ng Titolo VI ay dapat na isampa sa loob ng 180 araw mula nang petsa ng ipinaratang na diskriminasyon.

Ang sumusunod na impormasyon ay kinakailangan upang tulungan kami sa pagpoproseso ng iyong reklamo. Kung kailangan ninyo ng anumang tulong sa pagkukumpleto ng form na ito at sa pagsusulat ng reklamo, makipag-ugnayan sa Customer Comment Representatives sa 800-743.3463 o sa pamamagitan ng pagbisita sa isa sa aming mga Transit Store. Ang nakumpletong form ay kailangang isauli sa Foothill Transit na nakasulat na attn: Title VI - Customer Comments at 100 S. Vincent Ave.,

Iyong Pangalan:	Telepono:
Address ng Tirahan:	Alternatibong Telepono:
Lungsod, Estado at Zip Code:	
(Mga) taong nadiskrimina (kung taong maliban sa nagrereklamo): (Mga) Pangalan	
Address:	Telepono:
Petsa ng Pangyayari:	Num ng Bus /Ruta/Lokasyon (kung naaangkop)

Ipinagpatuloy sa kabilang panig...

Alin sa mga sumusunod ang pinakamainam na naglalarawan sa sanhi ng naparatang na diskriminasyon na nagaganap? (Lagyan ng tsek ang isa)

- Lahi
- Kulay
- Pinagmulang Bansa (Limitado ang Kasanayan sa Ingles)

Mangyari lamang ilarawan ang ipinaratang na pangyayari ng diskriminasyon. Ibigay ang mga pangalan at posisyon sa trabaho ng lahat ng mga kinatawan ng Foothill Transit na kasangkot, kung handang mabigay. Ipaliwanag kung ano ang nangyari at sino sa iyong palagay ang may pananagutan. Mangyari lamang gumamit ng dagdag na piraso ng papel kasama ng form na ito kung kailangan ang karagdagang espasyo sa pagsusulat.

Ikaw ba ay nakapagsampa na ng reklamo sa iba pang pederal, pang-estado o lokal na ahensya? Oo
Hindi

Kung oo, ilarawan ang ahensya/mga ahensya at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibaba:

Ahensya/Mga Ahensya:	Pangalan ng Kontak:
Address:	Telepono:

***Aking pinapatotohanan k na aking nabasa ang mga pagbibintang sa itaas at ito ay totoo sa
sukdulan ng aking kaalaman, impormasyon at paniniwala.***

Lagda: _____ Petsa: _____

impormasyon. Dagdag pa rito, kung bawiin ng nagrereklamo ang kanilang reklamo o hindi na nais ipagpatuloy ang imbestigasyon, maaaring isara ang kaso.

Makalipas na maimbestigahan ang reklamo, ang miyembro ng staff na may pananagutan sa imbestigasyon ay susubukan na sumagot sa nagrereklamo. Ang sagot ang magpapahayag ng kalikasan ng imbestigasyon at ang kasagutan. Kung nais na mag-apela ng nagrereklamo sa desisyon, maaari niya itong gawin. Muli, hinihikayat ng Foothill Transit ang nagrereklamo na magsamapa ng isang apela sa lalong madaling panahon upang matiyak ang isang kumpletong imbestigasyon at kasagutan.